Agosto 13, 2025

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 485, s 2025

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2025**

Para sa: Pansangay na Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punong Superbisor ng Edukasyon
Tagamasid-Pampurok
Tagapamahala ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan sa Sekundarya at Elementarya
Guro sa Filipino
Sa lahat ng mga Kinauukulan

1. Alinsunod sa Memorandum sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997 na nagpapahayag ng taunang Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1-31 na pinangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), ang Dibisyon ng Sagay City ay magdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2025 na may Temang **"PAGLINANG SA FILIPINO AT KATUTUBONG WIKA: MAKASAYSAYAN SA PAGKAKAISA NG BANSA"**.

2. Para sa sabayang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2025, na naglalayong ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

3. Layunin ng Buwan ng Wika 2025 ang sumusunod:

a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg.1041;
b. Maiangat ang kamalayan ng mga mámamayáng Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nitó;
c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampámahalaán at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nitó na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
d. Maganyak ang mga mámamayáng Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
e. Maipakilala sa mga mámamayáng Pilipino ang KWF bílang ahensiya ng pámahalaán na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nitó.

4. Makikita sa kalakip ng Memorandum na ito ang mga suhestiyong Gawain na hinati-hati sa limang lingguhang tema para sa isang buwang pagdiriwang:

| Petsa | Tema |
|---|---|
| Agosto 4-8 | *Filipino Sign Language* (FSL) tungo sa Ingklusibo sa Pambansang Kaunlaran |
| Agosto 11-15 | Sistematiko at maka-Agham na Pananaliksik tungo sa Pambansang Kaunlaran |
| Agosto 18-22 | Paggamit ng *Indigenous Knowledge System and Practices* IKSP sa *Scientific Research* |
| Agosto 26-29 | Katutubong Wika sa Pagpapaunlad ng Edukasyon Pambansa. |
| | Paglaban sa Misinformation (fact checking) |

5. Sa pagsasagawa ng mga nabanggit na gawain, dapat tiyakin ang pagtalima sa *DepEd Order (DO) No. 9, s. 2005* (*Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*) na hindi ito makaaabala ng regular na klase. Gayundin tiyakin ang pagsunod sa mga tuntuning isinasaad sa DO 66, s. 2017 (*Implementing Guidelines on the Conduct of Off-Campus Activities)* kaugnay sa pagsasagawa ng mga Off-Campus Activity.

6. Para sa mga katanungan o karagdagang detalye kaugnay na mga alalahanin, maaring makipag-ugnayan kay **G. Romeo B. Santillan** Superbisor ng Edukasyon sa Filipino ng Dibisyon ng Pagpapatupad ng Kurikulum kung may katanungan o paglilinaw.

7. Nauunawaan na sa pagsasagawa ng gawaing ito ay may kalayaan mula sa diskriminasyon sa edad, paaralan, kasarian, katayuan sa lipunan, kapansanan, relihiyon katulad na kadahilanan, pansariling sitwasyon na lumalabag sa prinsipyo ng patas na karapatan at opurtunidad.

8. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**DANNIE CLARK M. UGUIL, CESE**
Assistant Schools Division Superintendent
Officer In-Charge
Office of the Schools Division Superintendent

| | | |
|---|---|---|
| Enclosure | : | Gaya ng sinasaad |
| Reference | : | Memorandum Pangkagawaran |
| Allotment | : | N/A |
| No. of Pages | : | 3 |

alagiang Taluntunan sa ilalim ng sumusunod na mga paksa:

KURIKULUM
PAARALAN

FILIPINO
WIKA

CID_RBS- memo2025 Buwan ng Wikang Pambansa2025
08/5/2025

(Kalakip mula sa Memorandum Pansangay Blg. 485, s. 2025)

| Linggo at Tema | Antas at mga Gawain | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **K-3** | **Baitang 4-6** | **Baitang 7-10** | **Baitang 11-12** |
| 4-8 Agosto<br>FSL tungo sa Ingklusibo sa Pambansang Kaunlaran | • Pagtitipon ng mga pagbati sa Filipino Sign Language (FSL) | | | |
| 11-15 Agosto<br>Sistematiko at maka-Agham na Pananaliksik tungo sa Pambansang Kaunlaran | | • Pagbabäsa ng mga kuwentong pambata hinggil sa kahalahagahan ng makaagham na pananaliksik. | • Pagsulat ng mga tula na may kinalaman sa maka-agham na pananaliksik.<br>• Pagsulat ng rap hinggil sa halaga ng sistematikong makaagham na pananaliksik sa Pambansang Kaunlaran. | |
| 18-22 Agosto<br>Paggamit ng Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP) sa Scientific Research | | • Pagsasaliksik ng Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP) mula sa iba't ibang rehiyon.<br>• Pagsulat ng sanaysay hinggil sa Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP)<br>• Pagsasadula ng Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP). | | |
| 26-29 Agosto<br>Katutubong Wika sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa | | • Paggawa ng maikling komentaryo/blog/vlog na tumatalakay sa kahalagahan ng mga katutubong wika sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa<br>• Paglikha ng awit gämit ang wikang katutubo hinggil sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa | | |
| 26-29 Agosto<br>Paglaban sa Misinformation (fact checking) | | • Online forum/ Seminar hinggil sa Literasiyang Pang-media.<br>• Paglalagom ng mga naging gawain sa Buwan ng Wika. | | |